

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Pinagpapahinga ang Lupin

2 Cronica 36:11-21

Ang Kasaysayan...

Ang ating sanlibutan ay unang nilikha na sakdal ang timbang ng kalikasan. Ang tao, mga hayop at halaman ay nabuhay sa lubos na pagkakaisa. Ngunit nang pumasok ang kasalanan, ang lahat ay nagbago. Ang tao ay nagsimulang kumain ng hayop, at ang hayop ay nagsimulang kinain ang isa't-isa. Ang mga dawag at tinik ay nagsulputan sa lahat ng dako. Maging ang lupa ay pinasama ng kasalanan. Sinabi ng Dios kay Kain, "Pagbubungka! mo ng lupa, ay di na ibibigay mula ngayon sa iyo ang kanyang lakas." Genesis 4:12.



Ito ang isang dahilan kung bakit inutos ng Panginoon sa mga anak ni Israel na pagpahingahin ang mga lupain tuwing ikapitong taon (Exodo 23:10, 11). Maibabalik nitong muli ang taba ng lupain, at mapagkakalooban ng pagkain ang mga mahihirap. Ngunit marami sa mga anak ng Dios ay hindi sinunod ang tagubiling ito. At dumating ang araw ng kahindikhindik na paghatol. Si Nabukodonosor, ang hari ng Babilonya ay dumating sa Juda at pinatay ang lahat na naghimagsik laban sa kanya. Ang iba ay dinalang bihag sa ginintuang lungsod ng Babilonya. Samantala, ang lupain ng Israel ay nanatiling tiwangwang at wasak hanggang sa ang lupain ay "nagalak sa kanyang mga sabbath: sapagkat habang giba ay kanyang ipinagdiriwang ang sabbath" 2 Kronika 36:21. Sa wakas ng pitumpong taon, ang mga buhay pa ay nagbalik sa Canaan upang muling tamnan ang pangakong lupain at muling itayo ang Jerusalem. Sa loob ng 6000 taon ngayon, si Jesus ay naghahasik ng binhi ng mabuting balita. Sinasabi sa atin ng Biblia na ang "isang

12

araw sa Panginoon ay tulad sa isang libong taon." 2 Pedro 3:8. Di magtatagal ang Haring Jesus ay darating upang anihin ang sanlibutan. Ang iba ay mapupuksa sa Kanyang kaliwanagan, at ang iba naman ay dadaihin sa Kanyang ginintuang kaharian. At ang matanda at pagod nang planetang ito ay mangingilin ng isang libong taong Sabbath.

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Anong mga pangyayari ang magpapasimula ng isang (1,000) libong taon?

I Tesalonika 4:16 *Sapagkat ang _____ din ang _____ mula sa langit na may isang sigaw ... at ang mga nangamatay kay Kristo ay unang _____.*

Apokalipsis 20:4, 5 *At sila'y nabuhay at nagharing kasama ni Kristo sa loob ng _____ taon. At ang iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. Ito ang _____ na mag-uli.*

PALIWANAG: Ang isang libong taon ng Apokalipsis 20 ay tinatawag na "milenyo". Ito ay nagmula sa dalawang salitang Latin na "milli" na ang ibig sabihin ay "isang libo" at "annum" na nangangahulugang "taon". Ang ikalawang pagdating ni Kristo at ang pagkabuhay na mag-uli ng mga matuwid ay simula ng isang libong taon. Ang mga banal sa buong panahon (na inilalarawang "banal at pinagpala" sa talatang 6) ay bubuhayin sa unang pagkabuhay na mag-uli.

2. Ano pa ang mangyayari sa unang pagkabuhay na mag-uli?

I Korinto 15:51, 52 *Hindi tayong lahat ay mangatutulong, kundi tayong lahat ay _____.* Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: *sapagkat tutunog ang pakakak at ang mga patay ay mangabubuhay na mag-uli.*

Filipos 3:21 *Na Siyang magbabago ng katawan ng ating pagkamababa, upang maging katulad ng katawan ng Kanyang _____.*

2 Tesalonika 2:8 *At kung magkagayon ay mahahayag ang Tampalasan, na _____ ng Panginoon ng liwanag ng Kanyang pagdating.*

Apokalipsis 16:18, 20, 21 *At magkakaroon ng malakas na _____ na di nangyari kailanman mula nang magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubang kakilakilabot. ...*

At tumakas ang bawat pulo at ang mga bundok ay hindi nasumpungan. At _____ na kasinglaki ng talento (humigit-kumulang sa 75 lbs.) ang lumagpak sa mga tao mula sa langit.

Apokalipsis 20:1, 2 *Isang anghel ... at sinungaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo, at Satanas at _____ siya ng isang libong taon.*

PALIWANAG: Tingnan ang isang libong taon sa larawan sa pahina 6 para sa kabuuan ng mga pangyayari na magaganap sa pasimula ng isang libong (1,000) taon.

3. Sino ang bubuhayin sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli at kailan ito mangyayari?

Juan 5:28, 29 *At ang lahat ng nasa mga libingan ay makaririning ng Kanyang tinig, at magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng _____, ay sa pagkabuhay na maguli sa _____.*

Apokalipsis 20:5 *At ang iba sa mga patay (ang mga masama) ay hindi nangabuhay hanggang _____ ang isang libong taon.*





PALIWANAG: Ang masama ay mabubuhay sa pangalawang pagkabuhay na maguli sa katapusan ng isang libong taon.

4. Ano ang kalagayan ng lupa sa loob ng isang libong taon?

Isaias 24:1 *Narito pinawawalan ng _____ ang lupa ng Panginoon at sinisira at binabaligtad.*

Jeremias 4:23-26 *Aking minasdan ang lupa, at narito, sira at _____; at ang langit ay walang liwanag. Aking minasdan ang mga bundok, at narito, nagsisiyanig ... walang tao, at ang lahat ng mga ibon sa himpapawid ay nangakatakas. ... Ang mainam na parang ay ilang, at lahat ng mga _____ niyaon ay nangasira sa harapan ng Panginoon, at sa harap ng Kanyang mabangis na galit.*

Jeremias 25:33 *At ang _____ ng Panginoon sa araw na yaon ay magiging mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa; sila'y hindi tataghuyan; o dadamputin man, o _____ man.*


PALIWANAG: Ang lupa ay lubhang wawasakin ng lindol at graniso kaalinsabay ng muling pagbabalik ni Kristo. Ito'y maiiwan sa lubos na kadiliman. Ang mga bangkay ng patay ay nagkalat sa balat ng lupa na walang umiiyak, sapagkat walang natirang buhay. Ang mga matuwid ay nasa langit nang lahat. (Tingnan ang Karagdagan sa "Walang Hanggang Kalaliman.")

5. Nasaan ang mga banal sa panahon ng isang libong taon, at ano ang kanilang ginagawa?

Juan 14:3 *Ako'y muling babalik, at tatanggapin Ko kayo sa aking sarili: upang _____ Ako _____ kayo naman ay dumoon.*

Apokalipsis 20:4 *At nakakita ako ng mga luklukan, at may nagsisiluklok sa mga ito, at sila'y pinagkalooban ng _____: ... at sila'y nangabuhay at nagsipagharing kasama ni Kristo sa loob ng isang libong taon.*

I Korinto 6:2, 3 *O hindi бага ninyo nalalaman na ang mga _____ ay magsisihatol sa sanlibutan?" ... Hindi бага ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel?*



PALIWANAG: Sa panahon ng isang libong taon ang mga banal ay nasa langit na kasama sa paghatol. Hindi sila magpapasya kung sino ang maligtas sapagkat yaon ay pinasyahan na ng Dios. Kanila lamang patotohanan ang mga hatol ng Dios. "Sapagkat ang iyong matuwid na paghatol ay nangahayag" Apokalipsis 15:4. Ang katarungan ng paghatol ng Dios sa mga waglit ay mapapatunayan; gayon din ang gantimpala sa mga matuwid (Apokalipsis 22:11, 12). Ang bahaging ito ng paghatol ay para sa kapakanan ng mga banal. Halimbawa, pagdating mo sa langit ay nasumpungan mong wala roon ang iyong minamahal na pastor—gayon man ay naroon ang isang malupit na kriminal! Mangangailangan ka marahil ng pagpapaliwanag. Papatnubayan tayo ng mga anghel sa talaang aklat sa langit upang pawiin ang anumang alinlangan. Sa katapusan ng paghatol, ang lahat ay lubos na maniniwala sa katarungan at pagibig ng Dios at sa Kanyang walang kinikilingang pakikitungo sa lahat. Ang lahat ay magsasabi: "Tunay at matuwid ang Kanyang mga paghatol" Apokalipsis 19:2. (Tingnan ang Karagdagan ukol sa "larawan ng 1,000 Taon.")

6. Ano ang mangyayari sa pagkatapos ng isang libong taon?

Zacarias 14: 1, 4, 5, 9 *Narito, ang araw ng Panginoon ay dumarating, ... At ang kanyang mga paa ay magsisitayo sa araw na sa _____ ng mga _____, na nasa tapat ng*

Jerusalem sa dakong silangan, at ang bundok ng mga Olibo ay _____ sa gitna niya. ... At ang Panginoon kong Dios ay darating, at ang lahat na banal na kasama Niya. ... At ang Panginoon ay magiging hari sa buong lupa.

Apokalipsis 21:2 *At nakita ko ang bayang banal, ang Bagong Jerusalem, na _____ mula sa Dios, buhat sa _____, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kanyang asawa.*

PALIWANAG: Sa katapusan ng ng isang libong taon, ang Bagong Jerusalem na nasa loob ang mga banal ay mananaog mula sa langit at lalapag sa ngayon ay Bundok ng mga Olibo. Papatagin ng Panginoon ang gulod upang maging isang malawak na kapatagan na bababaan ng Bagong Lungsod.

7. Ano ang susunod na mangyayari na magpapalaya kay Satanas mula sa kanyang kulungan?

Apokalipsis 20:5, 7 *At ang iba sa mga _____ ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. ... At kung maganap na ang isang libong taon, si Satanas ay _____ na sa kanyang bilangguan.*

PALIWANAG: Pagkatapos na buhayin ang mga masama, ang Diablo ay muling magiging malaya upang sila ay dayain.

8. Ano ang gagawin ni Satanas pagkatapos na buhayin ang mga masama?

Apokalipsis 20:8, 9 *At lalabas upang _____ sa mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, Gog at Magog, upang tipunin sila sa pagbabaka: na ang bilang nila ay tulad ng buhangin sa dagat. At nangagsipanbik sila sa kalaparan ng lupa, at _____ ang kamento ng mga banal, at ang bayang iniibig.*

PALIWANAG: Dadayain ng Diablo ang mga tao sa paniniwala na siya ay walang katarungang inihulog mula sa langit, at sama-sama nilang kukubkubin ang lungsod. Sa pagkadamang sila ay hiwalay sa banal na lungsod, ang mga masama ay maglulunsad ng isang pagsakop sa Bagong Jerusalem.

9. Sa ganitong napakahalagang sandali, ano ang magpapatigil sa lahat ng bagay?

Apokalipsis 20:11, 12 *At nakita ko ang isang malaking _____ at ang nakaluklok doon, ... at ang mga patay ay _____ ayon sa mga bagay na nakasulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.*

PALIWANAG: Ang trono ng Dios ay biglang lilitaw sa ibabaw ng lungsod, at ang huling bahagi ng paghatol ay magpapasimula. Ang paglusob ng masama sa lungsod ng Dios ay biglaang matitigil. Ang mga aklat ay mabubuksan, at ang tala ng buhay ng bawat tao ay magdaraan sa harap niya. Ang lahat ay magiging bukas upang magkita ang mga masama at matuwid (Lukas 12:2, 3).

10. Ano ang mangyayari pagkatapos na mahatulan ang mga masama?

Roma 14:11 *Buhay Ako, sabi ng Panginoon, _____ ang bawat tuhod ay _____ at bawat dila ay magpapahayag sa Dios.*

Filipos 2:10, 11 *Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang bawat tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa, at upang _____ ng lahat ng mga dila na si _____ ay Panginoon sa ikaluluwalhati ng Dios Ama.*

Apokalipsis 19:1, 2 *Narinig ko ang gaya ng isang malaking tinig ng isang makapal na karamihan sa langit na nagsasabi, ... tunay at _____ ang Kanyang _____.*

11. Ano ang susunod na mangyayari?

Apokalipsis 20:9 *At bumaba ang _____ mula sa langit, at sila'y _____.*

Apokalipsis 20:15 *At kung ang sinoman ay hindi masumpungang nakasulat sa aklat ng buhay ay ibinulid sa _____ apoy.*

PALIWANAG: Ang apoy ng Dios ay babagsak sa mga masama at lilikha ng isang malaking lawa ng apoy sa palibot ng lungsod ng Dios. Ito ang susupok sa kanila hanggang silang lahat ay maging abo (Malakias 4:3). Hindi masusupil ng Diablo ang apoy na ito, na tinatawag na impiyerno. Sa halip, siya at ang kanyang mga anghel ay parurusahan sa apoy hanggang sila ay maging abo (Apokalipsis 20:10; Ezekiel 28:18). Wala nang pagkabuhay na maguli mula sa apoy na ito, na tinatawag na ikalawang kamatayan (Apokalipsis 20:14).

12. Pagkatapos na maparam ang apoy, ano ang gagawin ng Dios sa Kanyang bayan?

Isaias 65:17 *Sapagkat narito, Ako'y _____ ng mga bagong langit at bagong lupa.*

2 Pedro 3:13 *Ngunit, ayon sa Kanyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at bagong lupa na tinatahanan ng _____.*

PALIWANAG: Pagkaraan ng 70-taong pagkabihag sa Babilonya, ang mga anak ni Israel ay nagbalik sa lupang pangako at muling itinayo ang lungsod. Pagkatapos ng milenyo, ang mga banal ay masasaksihan ang Panginoon na lumilikha ng bagong langit (ang papawirin) at isang bagong lupa, kung saan ang kasalanan ay hindi na muling masusumpungan pa (Nahum 1:9). Ang nawalang paraiso dahil sa kasalanan ni Adan at Eba ay ibabalik na muli sa kaluwalhatian ng Eden. Ang kapayapaan, katuwaan, pagibig, at sakdal na kaligayahan ay mananatili sa bayan ng Dios magpakailan man!

13. Sa wakas, saan tatahan ang Dios at ang mga matuwid?

Apokalipsis 21:3 *Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at Siya'y _____ sa _____.*

Mateo 5:5 *Mapalad ang mga maamo: sapagkat mamanahin nila ang _____.*

PALIWANAG: Ang Dios Ama at Dios Anak ay kapwa tatahang kasama ng mga banal sa bagong lupa. Isipin lamang ito—ang Dios ay iyong kapitbahay!



Ang Iyong Tugon

Sinasabi ng Panginoong Jesus, “Ako’y paroroon upang ipaghanda kayo ng dakong kalalagyan.” Juan 14:2. Mayroon siyang palasyo para sa iyo sa banal na lungsod. Tatanggapin mo na ba ngayon ang Kanyang kaloob na buhay na walang hanggan upang mabigyan ka Niya ng bagong kapanganakan at maihanda sa Kanyang kaharian?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ang Larawan ng Isang Libong Taon

Mga Pangyayaring Magsisimula ng Isang Libong Taon

1. Magbabalik ang Panginoon para sa Kanyang mga banal, at ang mga matuwid na patay ay mangabubuhay.
2. Ang mga masama ay mamamatay sa pagdating ng Panginoon, at ng mapangwasak na lindol at asupre.
3. Babaguhin ang mga matuwid na buhay at aagawing kasama nila sa mga alapaap upang salubungin ang Panginoon sa hangin.
4. Ang mga matuwid ay dadalhin ng mga alapaap sa langit.

Isang Libong Taon

Mga Kalagayan at Pangyayari sa Panahon ng 1 000-Taon

1. Ang mga banal sa langit ay may bahagi sa paghatol sa mga masama.
2. Si Satanas at ang kanyang mga anghel ay mananatili sa lupa sa lubos na pagkawasak at kadiliman.
3. Walang buhay na tao sa lupa.

Mga Pangyayari sa Katapusan ng 1,000 Taon

1. Si Jesus ay babalik na KASAMA ang Kanyang mga banal, at ang banal na lungsod ay bababa sa Bundok ng mga Olibo.
2. Ang mga masama ay mabubuhay at hihimukin sila ni Satanas na lusubin ang banal na lungsod.
3. Ang masama ay nahatulan na, at pinarusahan ng apoy mula sa langit at papawiin ang lahat ng waglit.
4. Ang Dios ay lilikha ng bagong langit at bagong lupa mula sa mga abo ng dinalisay na lupa.

Ang Walang Hanggang Kalaliman

Ang mga salitang “walang hanggang kalaliman” mula sa Apokalipsis 20:1 ay madalas na hindi nauunawaan. Ito ay mula sa salitang Griego na “abusos” na siyang salitang-ugat ng salitang Ingles na “abyss” na ang ibig sabihin ay hindi maarok na kalaliman. Sa Matandang Tipang Griego, ito ay tumutukoy sa walang anyo at madilim na kalupaan bago ang Paglikha. “At ang lupa ay walang anyo at walang laman at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman. Gen. 1:1, 2. Ito ay muling ginamit sa Lukas 8:31 upang ilarawan ang isang kalagayang ang mga demonyo ay walang sinomang madaya.

Sa panahon ng 1 000-taon, ang diablo ay natatanikalaan ng mga pangyayari, “upang huwag na niyang madaya ang mga bansa magpakailanman.” Apokalipsis 20:3. Ang isang tunay na tanikala ay hindi maitatali sa isang espirituwal na nilalang. Isa lamang ang makapipigil sa kanya sa pandaraya ng mga tao, at ito ay kung wala nang sinomang taong buhay! Sa pagdating ni Jesus, ang lahat ng masama ay mamamatay at ang mga matuwid ay dadalhin sa langit, kaya si Satanas at ang kanyang mga anghel ay mananatili sa planetang ito na walang sinomang matutukso. Sa loob ng 1,000-taon, sila ay maglipana rito sa lupa at minamasdan ang bunga ng kanilang paghihimagsik. Sa ganitong paraan si Satanas at ang kanyang mga anghel ay natalian ng tanikala. “At sila’y mangapipisan, gaya ng mga bilanggo na nangapipisan sa hukay, at masasarhan sa bilangguan, at pagkaraan ng maraming araw ay dadalawin sila” Isaia 24:22.

